

Pagpapahayag ng Misyon-Bisyon

Noong taong 2015, inilunsad ng sang-kaguruan ng kolehiyo ang misyon-bisyon nito para sa pangalawang daantaon ng institusyon. Isinasaad dito ang layon ng kolehiyong maging:

“Isang komunidad ng palaisip at malikhaing mga alagad ng sining at iskolar na dulot ay pagbabago ng mundo sa pamamagitan ng kanilang mga ideya, tunog at galaw.”¹

Ito’y isang pangitain at pangarap na pangmahabang panahon, at sadyang hindi kayang kamtin sa loob ng termino ng isang dekanong. Gayunpaman, ito na rin ang magiging batayan ng aking pangsariling adhikain para sa Kolehiyo ng Musika, kung palarin mang mahirang na maging pinuno ng kapitagpitagang institusyon sa susunod na tatlong taon. **Layon kong mamuno tungo sa pagbubuo ng isang komunidad na kukupkop, huhubog at siyang magsisilbing luklukan ng mga iskolar at alagad ng sining upang matagumpay nilang magampanan ang kanilang misyon sa mundo.**

Isang komunidad na:

- **Mapagkalinga at mapag-aruga**
 - Sumusukat, hindi lamang ng angking talino, kaalaman at kakayahan, bagkus sumusuri din sa potensyal at determinasyon ng mga nais sumapi sa atin (pagka’t hindi pantay-pantay ang lipunan at iba-iba ang ating personal na kalagayan).
 - May pang-unawa at malasakit sa mga miyembro may espeyal na pangangailangan, ito man ay sikolohikal/emosyonal, pisikal o ekonomikal (pagka’t hindi hadlang ang kapansanan, suliranin o kahirapan upang maka-ambag sa lipunan, lalong lalo na sa larangan ng musika).
 - Masusing gumagabay sa mga bagong miyembro sa pamamagitan ng isang peer mentoring program (pagka’t sila ang mga tagapagmana at magpapalawig ng komunidad na ito).
 - Nagtataguyod ng patuloy na paglago ng mga kakayanan ng miyembro, sila man ay estudyante, kawani o guro (pagka’t ang pag-aaaral ay panghabang buhay na proseso).
- **Huwaran ng kaayusan at mahusay na pangangasiwa at pamamahala**
 - Ganap na paggalang at pangangalaga sa kapaligiran, gusali at kagamitan (pagka’t ito ang pinagmumulan at luklukan ng ating sining at kaaalaman).
 - May sistematiko at nakalathang mga proseso at tungkulin (pagka’t haligi ito ng propesyonalismo at pampublikong serbisyo).
 - Gumagamit ng angkop na awtomasyon sa pagtuturo, pangangasiwa at komunikasyon (pagka’t ang teknolohiya ay realidad na bahagi ng ating panahon kaya’t tungkulin natin ang aralin at kilanlin ang benepisyong maidudulot nito).
- **Punlaan at bukal ng bago at mapagpabagong kaalaman, likha at ekspresyon**
 - Nagpapatuloy at nagpapalago ng pananaliksik at paglalathala (pagka’t salat ang kaalaman at babasahin patungkol sa musika sa Pilipinas, Asya at Pasipiko).

¹ Salin ko mula sa Inggles

- Nagbibigay diin sa pagtatanghal at pagkatha bilang batayan ng panunungkulan ng mga guro (sapagka't ang mga ito ay *singhalaga* ng pananaliksik at paglimbag sa isang pamantasan).
 - Humihimok at naglulunsad ng mga makabagong palaisipan, ekspresyon at pamamaraan na halaw at gumagalang sa tradisyon at pamanang kultura (pagka't inobasyon ang susi ng kaunlaran at kultura ang diwa ng lipunan).
 - Patuloy na sumusuri at nagrerebisa ng mga pang-akademikong programa upang mapanatiling mapagtugon sa pangangailangan ng panahon (pagka't dinamika ang lipunan at kulturang Pilipino).
- **Masugid ang pakikipag-ugnay sa kalakhang pamayanan, lipunan at daigdig**
 - Matatag ang kaugnayan sa mga nagtapos at dating estudyante (pagka't malaki ang maaring kontribusyon ng *alumni* sa kolehiyo)
 - Pangunahing pampublikong sentro at tanghalan ng musika, sining at kultura sa lungsod (pagka't tungkulin natin na pagyamanin ang kultura ng kalakhang pamayanan).
 - Nagtataguyod ng mga gawain at serbisyong pangkomunidad (pagka't pananagutan ito ng mga iskolar at lingkod ng bayan).
 - Bukas sa kontribusyong maibabahagi sa ating mga programa ng mga taga labas na propesyonal, dalubhasa at katutubong eksperto (pagka't di maihahambing ang mga teorya at aklat sa kanilang angking kaalaman at karanasan).
 - Nagtataguyod ng mabunga at makabuluhang ugnayan sa mga institusyong hawig sa atin sa iba't ibang panig ng mundo (pagka't pakinabang ang dulot nito sa ating mga estudyante, kawani at guro, gayundin sa paglago at paglawig ng ating mga programa).
 - Nakikilahok sa mga gawaing tumatawid sa iba't-ibang disiplina at yunit ng pamantasan (pagka't ang kaalaman at katotohanan ay hindi nasasakop ng piling pananaw at pangkat).
- **Patuloy na dedikasyon sa dangal at kahusayan**
 - Naglalaan ng insentibo sa mga katangi-tanging mag-aaral, guro, at kawani (pagka't sila ang huwaran at halimbawa para sa lahat ng kasapi).
 - Kumikilala at nagpaparangal sa mga katangi-tanging saliksik, obra at pagtatanghal (pagka't ito ay mga kongkretong produkto ng institusyon)
 - Naggagawad ng pondo o performance grants para sa pagtatanghal ng mga katangi-tanging obra at produksyon (pagka't dito matutunghayan ang bunga ng ating mga programa).

Flagship Projects

- **Curriculum Revision** of entire programs of the College of Music:
 - Ensure the relevance of the programs to 21st c world realities
 - Responsive and adaptive to developments such as the K-12 and the UP GE program
 - Outcomes Based Education (OBE) compliant and benchmarked with similar institutions in the region
 - Reduction of the BM program from 5 to 4 years
 - Establishment of the 3-year Associate of Arts degree in Music to replace DCPMA and CM
 - Pave the way for the expansion of the graduate programs with the creation of the Master of Arts and Doctor of Arts in Music programs
 - Institutionalize scientific data gathering methods to be used as basis for curricular review (such as Tracer Study, Exit Interview)
 - Targeted for implementation in AY 2018-2019

- **Manual of Operations and Procedures for Staff and Services**
 - Aims to professionalize services offered by the college to its constituents and the larger community
 - Contains policies and procedures concerning the internal operations of the college
 - Outlines duties and responsibilities of the college administrative, maintenance and support staff
 - Includes policies on personnel selection and merit system, based on government and university policies

- **Revamp of the College of Music Extension Program**
 - Review the program's mission vis-à-vis the mandate of the College
 - Reassess the soundness and efficacy of its program offerings
 - Invigorate the enrolment through innovative programming
 - Strengthen the community service component of the program

- **Transformation of the Abelardo Hall Auditorium towards a Community Cultural Center**
 - Restructure theatre administration by strengthening the role of the Theater Director and the establishment of an Advisory Board or Board of Trustees
 - Establish a concert season featuring high calibre college and community productions
 - Initiate an audience development program catering to a diverse group of concertgoers.
 - Seek university and external support to fund performance grants such as OICA, OVCRD, and NCCA

- **Establishment of the Peer Mentoring Program and Music Counselors Group**
 - Intended to serve the student, faculty and staff sectors, with special attention to new comers and those with special needs or at risk.